

Vancouver CoastalHealth

# 2022/23 VCH Ulat Tungkol sa Epekto

## (Impact Report)

# Tungkol sa VCH

Ang VCH ay dedikadong maghatid ng pinakamahusay na pangangalaga sa mahigit sa isang milyong tao, kabilang na ang First Nations, Métis at Inuit sa ating rehiyon, sa loob ng mga tradisyunal na teritoryo ng Heiltsuk, Kitasoo-Xai'xais, Lil'wat, Musqueam, N'Quatqua, Nuxalk, Samahquam, shíshálh, Skatin, Squamish, Tla'amin, Tsleil-Waututh, Wuikinuxv, at Xa'xtsa. Ang VCH ay ang sentro ng health care innovation, research, at academic excellence sa British Columbia, na naghahatid ng specialized care sa mga pasyente sa buong province.



# Tungkol sa ulat na ito

Binibigyang-pansin ng 2022/23 VCH Ulat Tungkol sa Epekto (Impact Report) ang mga programa at mga inisyatibo ng aming organisasyon, habang binibigyang-diin ang kalakasan ng aming mga pinahahalagahan, at habang ipinapakita ang aming pangakong maghatid ng napakahusay na pangangalaga.

Ang ulat ay binubuo ng aming apat na Haligi ng VCH: Indigenous Cultural Safety, Equity, Diversity at Inclusion, Anti-Racism at Kalusugan ng Planeta, pati na ang aming values na Nagbibigay Kami ng Pangangalaga sa Lahat, Lagi Kaming Natututo, at Nagsisikap Kaming Makakuha ng mga Mas Mabuting Resulta.



# Mensahe mula sa Pinuno ng Board ng VCH

Para sa mahigit sa 29,000 staff at medical staff na nagsisilbi sa 1.25 milyong tao sa buong province, ang mga epekto ng nakaraang tatlong taon ay magtatagal pa para sa karamihan sa atin at hindi ito magtatapos sa pagtanggal ng masks. Idagdag pa rito ang opioid crisis at ang pangangailangang magbigay ng patuloy na suporta sa dumaraming táong may mga paghahamon sa pangkaisipang kalusugan at paggamit ng droga o alak, at pati na rin ang nakakabahalang climate change sa nakikitang wildfires, snowstorms, atmospheric rivers at heat domes; ang workforce ay hindi lamang humarap ng mga paghahamon ngunit nagpakita rin ng napakalakas na determinasyon. Ang mga pangyayari sa nakaraang taon, at gayon din ang pamumuno at kabayanihan na nakita natin sa ating mga kasamahan, ay walang-katulad at kagulat-gulat. Talagang tinutulungan nila tayo na makaahon, at tayo ay inspirado at nagpapasalamat.

Sakop ng Ulat Tungkol sa Epekto sa taóng ito ang ilang highlights ng trabahong ito, at ang lahat nito ay nagsusuporta sa aming pinalawak na strategic framework. Ang bagong Mga Haligi ng VCH ay ang matatag na istruktura na ating batayan para sa ating trabaho sa kinabukasan. Sila'y mahalaga para makamit ang pinakamabuting resulta sa kalusugan para sa diverse na populasyon na sinisilbihan namin sa VCH, at kinakatawan nito ang aming matinding pangako sa:

- **Indigenous Cultural Safety:** Paghatid sa mga Indigenous na Tao ng pangangalagang ligtas sa kultura, araw-araw, sa anumang paraan
- **Equity, Diversity at Inclusion:** Pagtaguyod ng pagdarama na ang tao ay bahagi ng lipunan (sense of belonging), kung saan madadala natin ang ating buong sarili sa VCH
- **Paglaban sa Rasismo:** Paglikha ng isang komunidad kung saan tinatanggal natin ang mga attitude, mga gawi, at mga prosesong nakakaapekto sa mga tao batay sa kanilang lahi o etnisidad
- **Kalusugan ng Planeta:** Binibigyang-inspirasyon ang mga tao na lumikha, magbalik sa dati, pamahalaan, at konserbahin ang healthy ecosystems

Ang mga kuwento sa ulat na ito ay nagbibigay-buhay sa mga pambihirang táong patuloy na nagtratrabaho sa isang pambihirang panahon. Sa mga maliliit at malalaking paraan, nakakapaghatid kami ng buong continuum ng mga mahusay na serbisyo sa health care, at ang karamihan ay dahil sa aming mga partnership. Sa ngalan ng Lupon ng mga Direktor ay nais kong ipahayag ang aming pagpapahalaga para sa patuloy na suporta ng Ministry of Health, at nais kong pasalamatan ang aming mga partner sa Providence Health Care at ang ibang mga organisasyon na may mga katulad na layunin. Ang kagandahan at kabutihan ang siyang nagbigay-kahulugan sa mga partnership na ito, at kami ay nagpapasalamat.

Nakadarama ako ng pag-asa kapag iniisip ko kung ano ang mangyayari sa kinabukasan, dahil alam ko na ang ating residents at ang ating mga komunidad ay sama-sama dito, at dahil dito'y gusto nating magsikap nang mas mabuti para sa isa't-isa; para mapanatili nating ligtas at nasa mabuting kalusugan ang isa't-isa. Isang pribilehiyo para sa aming lahat sa Lupon na pagsilbihan ang mga naninirahan sa Vancouver Coastal Health.

**Dr. Penny Ballem**


Board Chair



# Mensahe mula sa VCH President at CEO



# Ang mga bagay na aming minamahalaga (core values)



## Nagbibigay Kami ng Pangangalaga sa Lahat

Naniniwala kami na ang pagmamalasakit ay nasa puso ng aming ginagawa; pangangalaga para sa aming mga pasyente, sa kanilang mga pamilya, sa aming mga kasamahan sa trabaho, at sa aming sarili.



## Lagi Kaming Natututo

Naniniwala kami na dapat kaming manatiling curious, laging bukás sa mga innovative na ideya at mga paraan upang pahusayin ang health care.



## Nagsisikap Kaming Makakuha ng mga Mas Mabuting Resulta

Naniniwala kami na kapag nakakamit kami ng mga mas mabuting resulta sa lahat ng functions ng health care, ito'y nauuwi sa mga mas mabuting resulta para sa pasyente at sa pagpapahusay ng health care.

# Mga Haligi ng VCH

Bilang bahagi ng aming pangako na maghatid ng napakahusay na pangangalaga para sa lahat, patuloy kaming naghahanap ng mga paraan upang pahusayin ang aming mga programa’t mga serbisyo para masigurado na sila'y ligtas para sa kultura, nagbibigay-respeto at naangkop, at nagtataguyod sa pagbigay ng pantay-pantay na pangangalaga sa kalusugan. Habang isinasaisip ito, at habang pinapatnubayan ng mga bagay na aming minamahalaga (core values) na Inaalagaan Namin Ang Lahat, Lagi Kaming Natututo, at Nagsisikap Kaming Makakuha ng mga Mas Mabuting Resulta, sinimulan namin ang apat na Haligi ng VCH.

**Pinapatnubayan kami ng aming mga haligi na alalayan ang aming mga pangako na paghatid ng ligtas at mahusay na pangangalaga.**

## Indigenous Cultural Safety

Paghatid sa mga Indigenous na Tao ng pangangalagang ligtas sa kultura, araw-araw, sa anumang paraan.

## Equity, Diversity, at Inclusion

Pagtaguyod ng pagdarama na ang tao ay bahagi ng lipunan (sense of belonging), kung saan madadala natin ang ating buong sarili sa VCH.

## Paglaban sa Rasismo

Paglikha ng isang komunidad kung saan tinatanggal natin ang mga attitude, mga gawi, at mga prosesong nakakaapekto sa mga tao batay sa kanilang lahi o etnisidad.

## Kalusugan ng Planeta

Binibigyang-inspirasyon ang mga tao na lumikha, magbalik sa dati, pamahalaan, at konserbahin ang healthy ecosystems.

# Indigenous Cultural Safety

## Pagdagdag ng access sa pangangalaga na ligtas sa kultura

Kami ay dedikadong pahusayin ang access sa pangangalagang ligtas sa kultura para mabawasan ang gap ng health at social disparities na nararanasan ng mga Indigenous na Tao sa B.C.

Sa taóng ito ay naglunsad kami ng isang inisyatibo kung saan tinatanong namin ang lahat ng mga pasyenteng nagpupunta sa Vancouver General Hospital at sa 50 priority clinics para sa acute care at inpatient services kung nais nilang mag-self-identify bilang Indigenous habang sila'y nagrerehistro. Gamit ang aming bagong CST Cerner digital patient records system, madali nang magagawa ang pag-track ng self-identification; ito'y isang proseso na diskreto, boluntaryo, at inklusibo. Dahil ang impormasyon na ito ay kasama na sa record ng pasyente, mas makapagbibigay ang aming mga team ng pangangalagang ligtas sa kultura at ng suporta bilang bahagi ng kanilang individual care plan.

Dahil sa pagdagdag ng Indigenous self-identification sa rekord ng pasyente, kasama ng staff cultural safety training, mas nalalaman na ngayon kung ano ang mga pangangailangan sa kalusugan ng mga Indigenous na tao. Ang mga referral sa aming Indigenous Patient Experience team ay mahigit doble ng sa nakaraang ilang buwan noong 2022, at nakita namin na dumami ang referrals sa Elders para sa kultural na suporta.

Patuloy naming pinalalawak ang aming Indigenous Patient Experience team; naipakita ng early data na ang kanilang trabaho ay nagbunga na ng pagbawas sa mga reklamo.

- **Nag-hire ng karagdagang Indigenous Patient Navigators (IPNs) at nagsimula ng isang full-time position para sa isang Elders in Residence coordinator.**
- **Ang IPNs ay nagsimula nang tumulong sa mga pasyente sa urban hospitals at pinalawak na namin ang mga serbisyo para isama ang Bella Bella, Bella Coola, Sechelt/shíshálh at ang qathet region.**
- **Ang IPNs na nagtratrabaho sa urban areas ay nagdagdag sa kanilang mga oras; sila'y available pitong araw bawat linggo.**
- **Nag-aambag ang IPNs sa mga pagsisikap ng dalawang Indigenous Patient Quality Liaisons na sumali sa VCH noong 2021 para matugunan ang mga reklamo ng mga Indigenous na pasyente sa isang ligtas sa kultura, equitable, at restorative na paraan.**

# Equity, Diversity, at Inclusion

## Survey tungkol sa self-identification at karanasan sa lugar ng trabaho

Ang pagkilala sa lahat ng mga dimensyon ng diversity, kabilang na ang gender identity, lahi at etnisidad, sekswal na identidad, Indigenous na identidad, at kapansanan ay kritikal sa paghatid ng mahusay na pangangalaga at pagtatag ng isang magandang lugar ng trabaho. Ang aming team ay nangangakong ipagtaguyod ang equity, diversity, at inclusion (EDI) sa buong organisasyon, at dahil dito'y nakikipagtulungan ang aming team sa staff at medical staff para itatag ang mga prinsipyo ng EDI sa mga patakaran, mga gawi, mga programa, at mga serbisyo ng VCH.

Binibigyang-diin ng EDI team ang apat na pangunahing layunin:

1. **Magkaroon ng workforce na malawak na kumakatawan sa komunidad.**
2. **Kilalanin at tugunan ang mga hadlang sa loob ng sistema.**
3. **Umakit at magpanatili ng talented at diverse na workforce na marunong magtrabaho sa isang inklusibo at magalang na paraan.**
4. **Lumikha ng mga patakaran, mga plano, mga programa, mga praktis, at mga serbisyong tumutupad sa iba't-ibang mga pangangailangan ng aming staff, medical staff, mga kliyente, at komunidad.**

Ang isang mahalagang hakbang ay ang maunawaan ang kalagayan at mga pangangailangan ng aming workforce at matukoy ang mga oportunidad upang pahusayin ang aming mga lugar ng trabaho. Noong 2022 ay inilunsad ng VCH ang isang anonymous na EDI-focused self-identification at workplace experience survey para sa lahat ng staff at medical staff.

Kami ay nakipagtulungan sa Indigenous Health team para iakma ang isang trauma-informed na prosesong ligtas para sa kultura para mangolekta ng sensitibong impormasyon at mabawasan ang mga potensyal na panganib na maaaring maging sanhi ng pangongolekta ng data. Ito'y alinsunod sa **anti-racism data act**.

Ang mga matututunan mula sa survey ang siyang magiging batayan para makagawa kami ng isang ligtas sa kultura at inklusibong lugar ng trabaho na nagdiriwang sa aming diverse workforce sa paghatid ng pangangalaga.

# Paglaban sa Rasismo

## Pagtatag ng isang organisasyong lumalaban sa rasismo

Ang rasismo at mga prejudice laban sa Indigenous, Black, at People of Colour ay madalas pa ring nangyayari sa sistema ng health care, at ito'y nagdudulot ng malaking pinsala. Ang lahat ng mga pasyente at mga kliyente ay may karapatang mag-access ng mga serbisyo sa kalusugan nang malaya sa rasismo at diskriminasyon. Kinikilala namin ang pangangailangan para sa makahulugang sistemiskong pagbabago, at kami ay nangangako sa mga sustainable na mabuting pagbabagong nagbibigay-diin sa mga karapatang pantao at sa pagkakaroon ng pantay-pantay na pangangalaga sa kalusugan.

Noong 2022 ay naglunsad kami ng isang Anti-Racism program para gamiting batayan ang aming trabaho na isama ang Indigenous cultural safety at pagtaguyod ng karagdagang equity, diversity, at inclusion sa aming paghatid ng pangangalaga.

**Layunin ng programa na:**

1. **Kilalanin, tugunan, at hatulan ang rasismo, at lumikha ng isang kapaligiran kung saan ang mga pasyente, mga kliyente, at residents ay tumatanggap ng ligtas at mahusay na health care na malaya sa rasismo at diskriminasyon.**
2. **Lumikha ng isang kapaligiran kung saan ang staff at medical staff ay may kompiyansang magsalita laban sa rasismo at tumugon sa diskriminasyon habang ito'y nangyayari, dahil nalalaman nila na sila'y lubos na sinusuportahan ng mga pinuno.**



Ang pagtatag ng aming Anti-Racism program ay nagsimula sa pagkakaroon ng engagement sessions sa aming staff at medical staff para maunawaan ang kanilang mga karanasan, matalakay ang mga hadlang sa kaligtasan, at makakuha ng input tungkol sa mga posibleng magagawa para maging isang organisasyong lumalaban sa rasismo. Ang susunod na hakbang sa talakayan ay magbibigay-diin sa external outreach sa aming mga pasyente, mga kliyente, at mga partner sa komunidad.

Ang input na makukuha mula sa mga talakayan ay gagawing batayan para sa isang komprehensibong VCH Anti-Racism Action Plan tungo sa pagiging isang organisasyong lumalaban sa rasismo. Layunin namin na maunawaan kung paano sinasaksihan at nararanasan ang rasismo, kung paano naaapektohan ng rasismo ang paghatid ng serbisyo at ang access sa health care, at kung paano namin mapapabuti ang kaligtasan at kompiyansa sa pagreport at sa pagkakaroon ng pananagutan. Ikinalulugod naming ibahagi ang aming mga mabubuting pagbabago bilang resulta ng aming mga kilos sa mga darating na taon.

# Kalusugan ng Planeta

## Pag-integrate ng sustainability sa health care

**[ Ang kalusugan ng planeta ay tumutukoy sa magkakaugnay na relasyon ng kalusugan ng ating planeta at ng kalusugan ng ating mga komunidad. ]**

Ang extreme temperatures, wildfires, droughts, storms, at pagbabaha ay nagkaroon na ng masamáng epekto sa kalusugan ng tao at sa paghatid ng pangangalaga sa buong VCH. Bagama't malinaw ang mga epekto ng climate change sa kalusugan ng tao at sa paghahatid ng pangangalaga, nalalaman din natin na ang sistema ng health care mismo ay may malaking envirionmental footprint at na ito'y may epekto rin sa climate change.

Para matugunan ang mga interseksyon at mga epektong ito, ang VCH ay siyang naging unang organisasyon sa health care sa B.C. na nag-integrate ng Planetary Health sa kanyang strategic plan at ito'y nangangakong isama ang mga prinsipyo ng planetary health sa lahat ng aming ginagawa, mula sa pamamahala ng aming mga pasilidad at sa supplies na aming ginagamit, hanggang sa paghatid ng pangangalaga.

Ang inisyatibong ito ay ambisyoso at kolaboratibo. Pinagsasama-sama namin ang maraming stakeholders at teams na gumagawa ng mga tunay at makabuluhang pagbabago upang suportahan ang healthy communities at isang healthy planet.

Ang kritikal na trabahong ito ay pinamumunuan ng Strategy and Innovation Office ng VCH at ng Planetary Health Collaborative na binubuo ng staff at medical staff sa Sustainable Clinical Services, Public Health, at Energy and Environmental Sustainability.

- Sinisigurado ng Sustainable Clinical Services team na naghahatid kami ng mahusay na low-carbon na pangangalaga, na kami ay gumagawa ng mga klinikal na desisyon, at na pinabubuti namin ang mga proseso para limitahan ang aming epekto sa environment. **Basahin ang Environmental Performance Accountability Report**
- Ang Public Health team ay nakikipagtulungan sa ating local governments at community partners para suportahan ang pagbawas ng climate, para sa emergency planning at response, para masubaybayan ang air and water quality, at marami pang iba. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang ginagawa ng aming Public Health team para pahusayin ang kalusugan na may kaugnayan sa factors tulad ng climate change, noise at air pollution, community design, at marami pang iba, basahin ang **Healthy Environments and Climate Change**
- Ang Energy and Environmental Sustainability team ay nagtratrabaho upang bawasan ang energy consumption, tubig, waste, at emission sa lahat ng sites ng VCH at sinusuportahan nito ang pagdibelop ng sustainable at climate-resilient facilities tulad ng Richmond Hospital redevelopment. Basahin ang **Paglikha ng isang environmentally sustainable at climate-resilient na VCH** para maunawaan kung paano binabawasan ng VCH ang epekto ng aming trabaho sa planeta.

**Magkasama nating mahaharap ang climate crisis, at magkasama nating magagawa ang trabaho para maghatid ng matatag at environmentally sustainable na pangangalagang nagsusuporta sa kalusugan ng mga tao at ng planeta.**





# Nangangalaga Sa Lahat

**Naniniwala kami na ang pangangalaga ay nasa puso ng aming ginagawa; pangangalaga para sa aming mga pasyente, sa kanilang mga pamilya, sa aming mga kasamahan sa trabaho, at sa aming sarili.**

NANGANGALAGA SA LAHAT

# Pinalawak na serbisyo para sa psychosis para maagang matulungan ang mga kabataan



### Ano ang psychosis?

Ang psychosis ay isang magagamot na medikal na kondisyon na umaapekto sa utak ng isang tao.



### Ano ang mga palatandaan at mga sintomas ng psychosis?

Ang isang táong nakakaranas ng psychosis ay nawawalan ng kaunting reality. Ang ibig sabihin nito'y paminsan-minsan, hindi nalalaman ng isang táong may psychosis kung ano ang katotohanan at kung ano ang guni-guni lamang niya, at nababago ang kanyang mga perception, mga pag-iisip, mga paniniwala, at mga kilos.

Noong 2022, ang Early Psychosis Intervention (EPI) Program ay pinalawak para dalhin ang pangangalaga sa tahanan para sa mga kliyente at mga pamilya. Ang specialized EPI services ay available na ngayon para sa mga kabataan mula 13 hanggang 30 taong-gulang na nagpapakita ng mga maagang palatandaan ng psychosis, sa mga komunidad ng pangangalaga sa buong Vancouver, Richmond at Coastal communities.

Ang psychosis ay maaaring resulta ng iba't-ibang mga sanhi at iba-iba ang itsura nito sa bawat tao. Ang aming mga komprehensibong serbisyo at pangangalaga ay available sa mga táong may mga maagang sintomas at sila'y ibinibigay ng interdisciplinary teams. Ang pagkakaroon ng mga dedikadong EPI team sa mas maraming mga komunidad ay nakakatulong na bawasan ang mga hadlang kapag ina-access ang pangangalaga at mga suportang nakasentro sa tao.

Ang early intervention para sa psychosis ay maaaring lubos na magdagdag sa positibong outcome at maaari nitong pahusayin ang kalidad ng buhay. Kapag ang isang táong

may psychosis ay mabilis na nakakakuha ng tulong, maaari nilang makuha muli ang kakayahang makapag-isip nang malinaw, balikan ang mga layunin, matupad ang developmental milestones, at bawasan ang social isolation, depression, at potensyal na panganib na saktan ang sarili o ang iba.

Kabilang sa EPI teams ang psychiatrists, nurses, social workers, occupational therapists, clinical counsellors, rehabilitation staff at peer support workers. Ang teams ay nagtutulong-tulungan para magbigay ng assessments, care plans, medication management, at suporta para sa mga pasyente para magtakda ng mga layunin na nagmimintina ng isang healthy lifestyle tulad ng pagpasok sa eskwelahan at paghanap ng trabaho.

Dahil kinikilala ng EPI program na ang mga indibidwal at mga pamilya ay mga partner sa pangangalaga, ito'y nagbibigay din ng psychoeducation at isang ligtas na lugar para sa mga pamilya para maibahagi nila ang kanilang mga alalahanin, malaman ang mga sintomas ng psychosis, at talakayin ang mga bagong paraan para suportahan ang kanilang mga minamahal sa buhay.

**Noong 2022,**

# 454



**na indibidwal ang tumanggap ng mga serbisyo ng EPI sa pamamagitan ng tatlong komunidad ng pangangalaga ng VCH: Vancouver, Richmond, at Coastal.**

NANGANGALAGA SA LAHAT

# Gumagawa ng impact gamit ang immunization campaigns ng VCH

**Ang VCH ay ang may pinakamalaking COVID-19 vaccination coverage sa province:**



Mahigit sa

**90%**

two-dose coverage para sa **VCH residents na may iba't-ibang edad**



**95%**

two-dose coverage para sa lahat ng adults **18+ taong-gulang**



**30%**

one-dose coverage para sa **mga batang anim na buwang-gulang hanggang apat na taong-gulang**

Nang nagbago ang natura ng pandemya ng COVID-19 sa nakaraang taon, naging mas malinaw ang kahalagahan ng mga bakuna bilang isang tool para kontrolahin ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit. Ang pagpapabakuna ay nananatiling pangunahing priyoridad para sa Public Health team ng VCH, at para sa VCH sa pangkalahatan.

Habang ang naging pangunahing focus noong 2021 ay nasa pagbigay ng primary series ng COVID-19 vaccines sa mga naninirahan sa VCH na 12-taong-gulang at mas matanda, ang mga layunin ng kampanya sa 2022 ay lumawak at ang kampanya ay naging mas komplikado. Pinalawak ang eligibility para sa COVID-19 vaccines para maisama ang mga sanggol at mga bata, at nagbigay kami ng booster doses sa mga 12-taong-gulang at mas matanda.

Pinagpatuloy din namin ang pagbigay ng rutinang childhood immunization clinics sa mga eskwelahan na itinigil noong unang taon ng pandemya. Ang karamihan ng mga bata ay kompleto na ngayon sa mga mahalagang bakuna para protektahan sila mula sa mga impeksyon at mga sakit tulad ng polio, diphtheria, beke, at rubella.

Ang pinakamatagumpay na immunization campaign noong 2022 ay ang bakunang nagbibigay-proteksyon laban sa pagkalat ng mpox (monkeypox). Noong gitna ng Mayo, ang isang strain ng virus ay kumalat mula sa Africa, kung saan ito endemic, papunta sa mahigit sa 70 bansa (kabilang ang Canada) kung saan hindi ito endemic. Ang global outbreak na ito ay kumalat unang-una sa sekswal na pakikipagtalik, at ang karamihan ng mga kaso ay nakita sa mga lalaking nakikipagsex sa ibang mga lalaki.

Ang unang kaso ng mpox sa B.C. ay kinompirma sa VCH region noong simula ng Hunyo, at dahil malapit na ang Pride season ay nakipagpartner ang VCH Mpox Outbreak Response Team sa BC Centre for Disease Control, sa community-based organizations, at sa iba pa upang magbigay ng mahigit sa 20,000 doses ng mpox vaccine sa mga nanganganib; ang vaccine ay ibinigay sa loob ng tatlong-buwang panahon sa clinics, bars, sex-on-premise venues, beaches, parks at sa pride festival ng Vancouver.

Ang maagang paggamit ng vaccine sa mga grupong may pinakamataas na panganib, kasabay ng case at contract tracing ng Public Health team ng VCH, ay lubos na nakabawas ng transmission, nakapigil sa malubhang sakit, at naglimita ng panganib sa mas malawak na populasyon. 190 kaso lamang ang nireport sa B.C. (151 sa VCH region) at mababa lamang ang level ng virus na kumakalat. Ang local mpox outbreak ay dineklarang tapos na noong Enero 2023. Ang bakuna ay available pa rin para sa mga nanganganib na eligible na indibidwal na nais magsimula o magkompleto ng kanilang vaccine series. Dalawang dosis ang inirerekomenda para sa maximum na proteksyon.



NANGANGALAGA SA LAHAT

# Bagong supported housing sa Cambie Gardens







Ang redevelopment ng George Pearson Centre (GPC) ay isang multi-phased project na nakarating sa isang malaking milestone noong Oktubre 2022 nang nagsimulang lumipat ang unang grupo ng GPC residents sa bagong community-based supported housing.

Ang GPC ay isang long-term care home sa Oakridge neighbourhood ng Vancouver. Ito'y itinayo noong 1952 at kasalukuyan itong tahanan para sa mahigit sa 100 residents na may mga komplikadong medikal at pisikal na kondisyon. Ang redevelopment ng GPC ay magiging kapalit ng outdated na pasilidad at ito'y magkakaroon ng iba't-ibang bagong housing nang may iba't-ibang opsyon sa suporta on site.

Bilang bahagi ng redevelopment plan, ang ilang residents ay lilipat mula GPC patungo sa community-based supported housing sa bagong Cambie Gardens development sa parehong neighbourhood. Ang housing model na ito ay dinisenyo upang suportahan ang mga indibidwal na mamuhay nang mag-isa kung gusto nila, bilang bahagi ng isang integradong komunidad na mainam at accessible para sa lahat. Ang modelo ng pangangalaga ay dinisenyo sa tulong ng residents at ng disability advocacy groups na tumutulong sa paghugis ng kinabukasan ng supported housing. Dahil dito, bukod pa sa GPC residents, ang mga apartment building ay gagamitin din ng mga táo mula sa mas malawak na komunidad ng Vancouver.

Ang mga unang residents ay nagsimulang lumipat noong fall 2022. Ang VCH at ang service provider na CONNECT Partners ay patuloy na maglilipat sa unang 44 na GPC residents sa kanilang mga bagong tahanan sa 2023. Ang mga natitirang paglipat ay sunud-sunod na mangyayari at ito'y inaasahang matapos sa bandang 2030; ang GPC ay permanenteng isasara pagkatapos noon.

Itong mga bagong tahanan ng residents ay magkakaroon ng isang community health centre na mayroong iba't-ibang mga serbisyo at suporta sa kalusugan, isang bagong therapeutic pool, at isang bagong adult day program.

*Ako'y lubos na natutuwa na ang matagal nang hinihintay na redevelopment at care model ay nagkatotoo na. Ikinalulugod naming makita ang mga positibong pagbabagong ibibigay nito sa residents at sa kanilang mga pamilya.*

**Bob Chapman**

Vice-President ng Vancouver Community
Vancouver Coastal Health

# Pagtugon sa krisis ng illicit drug toxicity

Ang krisis ng illicit drug toxicity ay patuloy na nauuwi sa mga malagim na kamatayan ng daan-daang British Columbians bawat buwan. Sa panahon ng pandemya, naipakita ng drug-checking services ang tumataas na toxicity ng supply ng ipinagbabawal na droga; ang fentanyl, isang potent opioid analogue, ay mas madalas nakita sa illegal na opioids at sa ibang contaminants, kabilang na ang sedatives.

Ang komposisyon ng illicit drug supply ay malaking problema dahil dinaragdagan nito ang panganib na makaranas ang isang indibidwal ng nakamamatay na overdose. Maliban kung ang mga tao ay inalok ng mga reguladong alternatibo, magiging mapanghamon ang tugunan nang husto ang public health emergency na ito at na makaligtas ng mga buhay. Dito sa VCH, nakikipagtulungan kami sa mga federal at provincial na pamahalaan para mag-introduce ng mga pharmaceutical na alternatibo para sa mga táong lubos na nanganganib na mag-overdose.

Maaaring isali sa mga de-resetang alternatibo ang powder, tablets, vials o patches na naglalaman ng nalalamang kalidad ng mga takdang prescription-grade opioids; ito'y iaalok sa mga setting kung saan may klinikal na pamamahala. Ang isang halimbawa ay ang SAFER -- isang VCH pilot program na inilunsad noong 2021 nang may funding mula sa Health Canada.

**Ang SAFER, na nasa downtown eastside ng Vancouver, ay nag-aalok ng mga produktong naglalaman ng fentanyl sa mga kliyenteng gumagamit ng isang clinical model at pinalalakad ito bilang partnership ng PHS Community Services Society at ng B.C. Centre on Substance Use.**

Bukod pa sa pagreseta ng pharmaceutical-grade opioids, ang mga kliyente ay iniuugnay rin sa treatment, harm reduction, at recovery support sa komunidad. Ang Insite ay isa pang programang nag-aalok ng mga alternatibong gamot; ang Insite ay ang unang consumption

site sa North America na may superbisyon. Pinalalawak ng site na ito ang availability ng mga de-resetang produkto ng fentanyl sa ilan sa mga kliyente nito na gumagamit ng harm reduction services.

Ang mga matutuklasan mula sa pangangalaga sa kliyente sa SAFER at sa Insite ay magiging ebidensiya sa kung paano mas malawak na maiaalok ang mga alternatibong gamot sa komunidad. Habang ginagawa ang trabahong ito, maraming ibang VCH sites -- kabilang na ang community health centres at iba pang sites na pinopondohan ng VCH -- ang nag-aalok din ng de-resetang fentanyl patches sa mga kliyenteng gumagamit ng droga. Sa kabuuan ay binabawasan ng trabahong ito ang pangangailangan ng mga kliyente na i-access ang bawal na drug supply at ang panganib nila na makaranas ng overdose.

Ang mga pagbabagong ito sa mga serbisyo ay mahalagang bahagi ng pagtugon ng VCH sa illicit drug toxicity public health emergency, kasabay ng prevention, harm reduction, treatment, at recovery services. Pinahihintulutan kami nitong makipagkita sa mga kliyente habang sila'y nagrerecover, at dinaragdagan nito ang paglahok sa mga mahalagang serbisyo sa health care na nagliligtas ng buhay.



# Nakikipagtulungan para maghatid ng pangangalagang ligtas sa kultura

**Ang pagbigay ng mahusay na pangangalaga sa mga Indigenous na kliyente ay nagsisimula sa kultura ng pagpapakumbaba at kolaborasyon.**

Ang mga Indigenous na Tao ay may mayamang kasaysayan at kultura ng medisina at mga tradisyon ng pagpapagaling. Minamahalaga at pinagsisikapan naming isama ang mga ito sa mga health system para matugunan ang mga ispesipikong pangangailangan ng bawat Nation o komunidad. Kami ay lubos na nasisiyahang makipagtulungan sa mga Indigenous na komunidad at partner organizations para makatulong na magtatag ng mas inklusibo at mas mapakipakinabang na pangangalaga.

Pinirmahan namin nang may malaking karangalan at pagpapakumbaba ang isang Memorandum of Understanding (MOU) sa Tla’amin First Nation. Hindi bababa sa pitong Nations sa VCH region ang nagpahayag na gusto rin nila gawin ito. Ipinagdiriwang din namin ang pagpirma ng isang Letter of Understanding (LOU) sa Métis Nation of British Columbia; ito'y isang mahalagang milestone sa aming biyahe na maghatid ng distinctions-based approach sa mga serbisyo sa kalusugan para sa mga Métis sa ating rehiyon.

Ipinapahayag ng aming LOU at MOUs ang natural na pagkilos ng aming mga kasalukuyang koneksyon sa First Nations, Métis at Inuit na mga komunidad, at ang aming pangako sa reconciliation at pagtaguyod sa mga karapatan ng mga Indigenous na Tao. Ang kanilang mga nagpapatnubay na prinsipyo ay nagbibigay sa amin ng batayan; ipinapahayag nito ang mga kapwa priyoridad, at inilalarawan nito ang aming paraan para itaguyod ang health care sa bawat komunidad. Itinatatag nito ang isang hindi pabagu-bago, may ugnayan, at sadyang paraan para sa aming mga partnership. Habang nagbabago ang aming mga partnership sa mga First Nations, Métis at Inuit na komunidad na aming sinisilbihan, ang mga pagkakataon para sa makabuluhang kolaborasyon at magkasamang paggawa ng desisyon ay patuloy na magpapahintulot sa


mga Indigenous na Tao na gawin ang mga kritikal na tungkulin hinggil sa disenyo at paghatid ng mga serbisyo sa kalusugan para sa kanilang mga komunidad.

Pinapalaki rin namin ang aming magkakaibang network ng mga kasosyo upang madagdagan ang mga opsyon sa pangangalagang ligtas sa kultura para sa mga kliyente na Indigenous. Noong nakaraang taon, nagtatag kami ng pakikipagtulungan sa Sheway para tumulong na magbigay ng anti-racist, trauma-informed, pangangalaga na ligtas sa kultura para sa mga buntis na Indigenous na tao gumagamit ng mga substansya at nakatira sa Downtown Eastside ng Vancouver. Mahigit sa dalawang-katlo ng mga kliyenteng nag-a-access ng mga serbisyo sa Sheway ay kinikilala bilang Indigenous. Patuloy kaming makikipagtulungan sa Sheway upang magdagdag ng Indigenous sining at kultura, programang may kaalaman sa Indigenous at mga miyembro ng koponan upang mapahusay ang mga karanasan at suportang magagamit sa mga bata at pamilya. Para sa amin, mahalaga na ang bawat miyembro ng komunidad ng Indigenous ay makaramdam ng ligtas at malugod na pagtanggap kapag humingi sila ng pangangalaga o suporta.

*Patuloy kaming matututo mula sa First Nations partners habang pinapatnubayan nila kami sa pagtugon sa hindi pantay-pantay na pagbigay ng pangangalaga na siyang umiiral ngayon para sa maraming mga Indigenous na komunidad. Ang aming dedikasyon para dito ay bahagi ng aming patuloy na daan patungo sa reconciliation sa mga Indigenous na Tao.*

**Vivian Eliopoulos**

President at CEO ng
Vancouver Coastal Health



# Laging Nagdaragdag sa Kaalaman

**Naniniwala kami na dapat kaming manatiling curious, laging bukás sa mga innovative na ideya at mga paraan upang pahusayin ang health care.**

# Ang mga magulang ng mga pinakamaliit na pasyente sa Richmond Hospital ay makikinabang sa mga bagong koneksyon






Ang pagiging magulang ng isang premature o may sakit na bagong panganak ay napakastressful na karanasan, lalo na kapag ang sanggol ay kailangang ipasok sa Neonatal Intensive Care Unit (NICU) pagkatapos ma-discharge ang magulang. Ang mahiwalay sa sanggol ay nagdaragdag sa anxiety na nararanasan ng mga magulang sa mahirap na panahong ito.

Para mas magkaroon ng koneksyon ang mga pamilya sa kanilang mga premature na sanggol, inanunsyo ng Richmond Hospital ang paglunsad ng kauna-unahang inisyatibo tulad nito sa B.C. Maaari na ngayon mamonitor at virtual na mabisita ng mga magulang ang kanilang premature na sanggol 24 oras bawat araw, pitong araw bawat linggo, gamit ang isang pribado at secure na live-streaming camera. Ang mga camera ay unang ininstala ng NICU ng ospital sa tabi ng mga kama ng sanggol bilang bahagi ng isang pilot project noong Hunyo 2022.

Simula nang inumpisahan ang pilot, virtual na kinonekta ng NICO ang mahigit sa 40 sanggol sa kanilang mga pamilya; nagkaroon ng mahigit sa 2,500 unique visits mula sa buong mundo, kabilang na mula sa Colombia, Pilipinas, at Ireland. Sa isang survey ng mga pamilyang gumamit sa teknolohiya, 100 porsyento ng mga kalahok ang nagsabi na nabawasan nito ang kanilang anxiety at nakatulong ito sa kanila na mag-bond sa kanilang sanggol.

Batay sa positibong feedback mula sa mga pamilya, ang secure camera system ay gagawing permanente sa NICO ng ospital. Dahil ang karaniwang katagalan ng stay sa NICU ng Richmond Hospital ay dalawang linggo, ito ang magiging alternatibong opsyon para makapag-bond sa kanilang sanggol ang maraming mga pamilyang hindi patuloy na makakapanatili sa tabi ng kanilang sanggol.

Nagsalita tungkol sa inisyatibo si Jill Schulmeister, ang Women's and Children's Program Manager sa Richmond Hospital: "Bagama't hindi inaasahan ng isang magulang na umalis sa ospital nang hindi kasama ang kanilang sanggol, nangyayari ito kapag ang mga sanggol ay nangangailangan ng specialized care pagkatapos sila ipanganak. Dahil nakita ng NICU team kung gaano emosyonal na naaapektohan ang mga magulang dahil nahihiwalay sila sa kanilang sanggol, naghanap ang NICU team ng paraan para panatilihing konektado ang mga pamilya at ang mga sanggol, kahit sila'y hindi magkasama sa isang lugar."


*Bilang isang magulang, nagbigay sa aming pamilya ng malaking ginhawa at katiyakan ang matingnan ang aming mga sanggol habang hindi namin sila katabi. Ako'y lubos na nagpapasalamat na nagkaroon kami ng ganitong opsyon, at na ito ay magiging isang opsyon para sa ibang mga pamilyang may mga premature na sanggol*

**Preethi Krishan**

Magulang ng kambal na sanggol na inalagaan sa NICU ng Richmond Hospital

LAGING NAGDARAGDAG SA KAALAMAN

# Ang mga serbisyo sa wika ay nagbabawas ng mga hadlang para sa mga pasyente



Ang mga hadlang sa wika at kultura ay maaaring maging mapanghamon para sa mga pasyenteng nais kumuha ng health care Noong Enero 2022 ay inilunsad ang Langage Services program na ang layunin ay ang bawasan ang mga hadlang para sa mga pasyenteng nag-aaccess at nagna-navigate sa health care system sa pamamagitan ng pag-translate o pagsalin ng impormasyon sa kalusugan sa ibang wika.

Upang mapatnubayan ang development ng programang ito, ang VCH ay nakipagtulungan sa mga partner mula sa mga kapitbahayan, sa S.U.C.C.E.S.S., MOSAIC, Immigrant Services Society of BC, at sa Provincial Health Services Authority para marepaso ang ginagawang translation at interpretation sa ating buong rehiyon. Ang proseso ay nauwi sa standardization ng translation sa buong VCH, at ginawa itong batayan para sa paglikha ng isang VCH interpretation and translation framework.

Sa unang taon nito, isinalin ng programa sa ibang mga wika ang mga dokumento tulad ng kung paano at saan kukuha ng emergency o urgent primary care, kung paano humanap ng isang doktor para sa pamilya o ng nurse practitioner, impormasyon tungkol sa pampublikong kalusugan (kabilang ang heat warnings at iba pang health alerts), impormasyon tungkol sa panahon bago at pagkatapos ng operasyon, pangangalaga sa sarili at suporta sa tahanan para sa seniors, at buod ng mga serbisyo sa health care na available sa mga pasyenteng bago pa lamang sa VCH.

Ipinahayag ng initial feedback na nararamdaman ng mga pasyente na sila'y mas may impormasyon kapag sila'y nagpupunta sa mga health care appointment at na mas nauunawaan nila ang resources at mga opsyon sa pangangalaga na available sa kanila. Ang impormasyon sa health care na na-translate o isinalin sa ibang wika ay



makakatipid sa panahon at makakabawas ng stress; mapapabuti rin nito ang karanasan ng pasyente.

**Ang limang pangunahing nirerequest ng mga pasyente/kliyente na wika sa VCH para sa translation ay:**

1. **Traditional Chinese**
2. **Simplified Chinese**
3. **Punjabi**
4. **Espanyol**
5. **Vietnamese**

**Sa unang taon ng programa, nakompleto ng Language Services team ang mahigit sa 495 translations sa 11 mga pangunahing wika, kabilang na ang Traditional Chinese, Simplified Chinese, Punjabi, Spanish, Vietnamese, Farsi, Arabic, Korean, Russian, Tagalog, at Japanese.**

LAGING NAGDARAGDAG SA KAALAMAN

# Pagtugon sa reconciliation sa pamamagitan ng katotohanan at training



**Patuloy naming pinapabuti ang aming interaksyon sa mga Indigenous na kliyente sa bawat hakbang ng kanilang pangangalaga sa kalusugan. Ang bawat contact, mula sa unang click online hanggang sa pangangalaga sa pasyente sa loob ng pasilidad, ay nag-aambag sa karanasan ng mga Indigenous na pasyente; dito may malaking tungkulin ang komunikasyon at ang pag-unawa ng staff sa kultura.**

Patuloy na itinuturo ng Indigenous Cultural Safety (ICS) team ang ICS Hummingbird education program; ibinibigay ito sa aming staff, medical staff, at frontline workers. Ang Hummingbird program ay ang una sa apat na level ng ICS curriculum, na binubuo ng apat na oras ng online na pag-aaral at anim na oras ng masinsinang in-person training. Noong nakaraang taon, ang ICS team at ang Indigenous Health Research team ay nakipagtulungan sa VGH Emergency Department para tasahan ang pagpapatupad at mga kinalabasan ng Hummingbird program, na ibinigay sa karamihan ng nurses, registration clerks, at allied health professionals. Ipinakita ng mga paunang resulta na bumuti ang pag-unawa, mga attitude, at mga kilos ng aming mga tagapagbigay ng pangangalaga.

Noong 2022, pinalawak namin ang accessibility at mayroon na ngayong online self-study module ng Hummingbird program; dahil dito’y mahigit sa 5,000 empleyado ng VCH ang nakakompleto sa training na ito at patuloy na lumalaki ang bilang na ito. Sa pamamagitan ng ICS training, naniniwala kami na humuhusay ang cultural competency ng aming mga tagapagbigay ng pangangalaga at napapabuti namin ang pangangalaga at mga outcome para sa mga Indigenous na pasyente at pamilya.

Inaayos namin ang aming wika nang ito'y maging mas inklusibo at mas magalang sa mga Indigenous na pasyente at sa kanilang kultura. Kabilang dito ang pagpalit sa salitang “Aboriginal” sa Ingles at gawin itong “Indigenous” nang maiakma ito sa pandaigdigang pamantayan para sa terminolohiya at sa United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples [Pahayag ng United Nations ukol sa Mga Karapatan ng mga Katutubong Tao].Ang pagpapabuti ng Indigenous cultural safety ay hindi limitado sa mga serbisyo lamang. Sa proseso ng aming pagkilala at pagbigay-karangalan sa mga mahahalagang salita, nakipagtulungan kami sa Tla'amin Nation para palitan ang pangalan ng dating Powell River General Hospital.Saganang ipinagkaloob ng Tla’amin Nation sa VCH ang pangalang qathet, na nangangahulugang “nakikipagtulungan”. Noong Hulyo 25, 2022 ay ibinunyag ang qathet General Hospital.

> *Kami ay dedikadong magbigay ng mga pagkakataon para matututunan ang kolonisasyon at ang mga epekto nito sa kalusugan at kabutihan ng Indigenous na populasyon.*
>
> **Brittany Bingham**
>
> Director of Research, Vancouver Coastal Health

LAGING NAGDARAGDAG SA KAALAMAN

# Mahalaga ang iyong tinig: Mga oportunidad para gumawa ng mga bagay hinggil sa health care

Sa VCH, mahalaga ang paglahok ng pasyente at ng publiko sa pagdibelop ng isang accessible at pantay-pantay na health care. Ang Community Engagement team ng VCH ay nagtratrabaho sa ating buong health region at sa lahat ng mga uri ng pangangalaga; sinusuportahan at itinataguyod nito ang pakikipagtalakayan ng VCH at ng ating mga komunidad sa isa't-isa.

Ang malakas na koneksyon sa mga tinig ng komunidad ay nakakatulong na pahusayin ang aming mga programa, proyekto, at suporta sa health care, at sinasalamin nito ang mga natatanging pangangailangan ng local communities.



Noong 2022 ay nakipagtulungan kami sa mga komunidad tungkol sa mga iba't-ibang mga programa at serbisyo, kabilang na ang:

1. **Pagkonekta sa mga pasyente at sa kanilang mga pamilya para rebyuhin ang mandato ng Tertiary Mental Health and Substance Use program.**
2. **Kolaborasyon sa George Pearson Centre residents at sa community partners para mag-identify ng isang bago at kultural na naaangkop na pangalan.**
3. **Pag-imbita sa mga advisor ng pasyente na magbigay ng input sa redevelopment projects sa Richmond Hospital at Lions Gate Hospital.**
4. **Pagbigay ng input sa redesign ng aming website, ang vch.ca, na nagresulta sa karagdagang accessibility, Indigenous na pangangatawan, at sa mas madaling paghanap at pag-unawa ng content.**
5. **Pakikipagtulungan sa mga Indigenous na komunidad para makakuha ng input tungkol sa iba't-ibang mga art project, nang maisama ang Indigenous art at kultura sa ating mga pasilidad ng pangangalaga.**

Ang VCH ay nakatanggap ng dalawang international awards para sa engagements na nakapagbibigay ng impormasyon para sa translation at interpretation services. Ang trabahong ito ay nauwi sa standardization ng translation sa VCH kapag nagbibigay ng impormasyon sa kalusugan sa VCH communities na hindi gaanong nakakaunawa ng Ingles. Para sa karagdagang impormasyon tungkol dito, basahin ito: Ang mga serbisyo sa wika ay nagbabawas ng mga hadlang para sa mga pasyente.

Sa kabuuan, ang mga miyembro ng komunidad ay nagsuporta sa 45 health care projects at nakatanggap kami ng input mula sa mahigit sa 2,000 indibidwal sa pamamagitan ng digital surveys, interviews, focus groups, at advisory recruitments.

Interesado ka bang sumali? Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga oportunidad para lumahok sa komunidad sa **engage.vch.ca**

LAGING NAGDARAGDAG SA KAALAMAN

# Ang mabubuting kapaligiran at ang climate change

Ang mabuting kalusugan ay hindi lamang depende sa health care. Ang environmental at social factors bukod pa sa health care at biology ay lubos na nakakaapekto sa ating kalusugan at kabutihan. Ang VCH Public Health ay nagtratrabaho upang mahadlangan ang sakit sa pamamagitan ng pagbawas sa kung gaano naaapektohan ng factors na ito — na tinatawag na determinants of health— ang kalusugan ng ating mga komunidad.

Noong 2022, nagbuo ng bagong Public Health team na magfofocus sa pisikal at environmental determinants of health. Ang aming Healthy Environments and Climate Change (HECC) team ay nagtratrabaho upang pahusayin ang kondisyon ng kalusugan na may kinalaman sa factors tulad ng climate change, noise at air pollution, community design at marami pang iba, sa pamamagitan ng research, policy input, review, at edukasyon.

Ang team na ito, na binubuo ng isang Medical Health Officer, climate change at health lead, environmental health scientists, planners, Environmental Health Officers, at iba pa, ay nakikipagtulungan sa regional, municipal, at non-governmental partners sa plans, projects at policy proposals, habang tinitingnan ang mga ito gamit ang environmental determinants ng kalusugan at pagiging pantay-pantay.

Ang mahalagang focus ay ang suportahan ang pagsasagawa ng mga rekomendasyon mula sa HealthADAPT project -- isang three-year project na pinopondohan ng Health Canada para itaguyod sa ating rehiyon ang pag-akma ng climate change na nakafocus sa kalusugan.

## Noong 2022, ang HECC team ay:



Nakipagtulungan sa City of Vancouver at sa BC Centre for Disease Control (BCCDC) para magsagawa ng indoor temperature survey kapag may mga heat wave



Nakipagtulungan sa Lungsod ng Vancouver para magsagawa ng mga bagong rekomendasyon para sa air conditioning, air filtration, at mas mababang carbon emissions para sa bagong medium-large residential buildings



Gumawa ng isang **Heat Check-in Support Framework para sa NGOs** na magagamit para sa check-in planning para sa mga táong madaling maapektohan ng sobrang init



Sinuportahan ang teams at programs sa pamamagitan ng VCH para magplano ng paghahanda para sa init, usok, at weather sa darating na panahon.



Namuno o nakipagtulungan sa air quality monitoring projects sa ating buong rehiyon;

### Nag-contribute sa:

- Transport 2050 regional transportation plan ng TransLink
- Regional Growth Strategy ng Metro Vancouver (2050)
- Clean Air Plan ng Metro Vancouver
- Climate 2050 ng Metro Vancouver

### Nagbigay ng input sa:

- Climate Emergency Action Plan ng Lungsod ng Vancouver
- Climate Emergency Parking Program ng Lungsod ng Vancouver
- Iminumungkahing expansion ng Metro Vancouver Non-Road Diesel Engine Emission Regulation

### Nagbigay ng feedback sa:

- Climate Preparedness at Adaptation Strategy ng province
- The Northwest Ports Clean Air Strategy



# Nagsisikap na Makakuha ng mga Mas Mabuting Resulta

**Naniniwala kami sa pagkamit ng mga mas mabuting resultasa lahat ng functions ng health care na mauuwi sa mas mabutingresulta para sa pasyente at mas mahusay na health care.**

NAGSISIKAP NA MAKAKUHA NG MGA MAS MABUTING RESULTA

# Paglikha ng isang environmentally sustainable at climate-resilient na VCH

Alam mo ba na ang health care system ay malaking contributor sa climate change? Ang ating mga aktibidad sa pagbigay ng pangangalaga ay ang nagdudulot sa limang porsyento ng greenhouse gas emissions sa Canada—'yan ay katumbas ng emissions sa airline industry.

> *Kung tayo ay nag-decarbonize sa health care, ito'y magiging katumbas ng pagtanggal ng pagbiyahe sa eroplano*
>
> **Dr. Andrea MacNeill**
>
> Regional Medical Director of Planetary Health ng VCH

Kukunin ng VCH ang pagkakataong mamuno sa pagbawas ng epekto ng ating trabaho sa planeta, mula mga personal na kilos tulad ng paggamit ng pampublikong transportasyon o pagbisikleta papunta sa trabaho, hanggang sa mga bagay na gagawin ng buong organisasyon, tulad ng pagbawas ng paggamit ng enerhiya at pagbawas ng greenhouse gas emissions sa lahat ng mga pasilidad ng VCH, at paggamit ng mas maraming reusable na produkto sa ating supply chain.

Ang ating pagtugon para magkaroon ng mainam na planeta ay may dalawang pangunahing layunin: ang environmental sustainability at ang climate resilience. Ang pagsisikap na makamit ang mga layuning ito ay mauuwi sa mas mabuting kalusugan at kabutihan sa mga mas malawak na komunidad na ating sinisilbihan, at sa kabutihan ng buong planeta.

**Ito ang aming ginagawa para makarating dito.** →


# Pagbabago sa Food Systems para Pahusayin ang Pangangalaga sa Pasyente at ang Kalusugan ng Planeta

Sa Canada, ang emissions na may kinalaman sa pagkain ay bumubuo sa mga sampung porsyento ng health care emissions, at mga 50 porsyento ng pagkaing ibinibigay sa mga pasyente sa ospital ay itinatapon.

Para baguhin ang food systems nang mapahusay ang pangangalaga sa pasyente at ang kalusugan ng planeta, pinag-aaralan ng VCH ang food-related emissions at waste, kasama na ang kasiyahan ng pasyente, ang nutritional status, mga klinikal na resulta, at ang paggamit ng pagkain bilang isang therapeutic intervention.

Halos kalahati ng pagkaing ibinibigay sa pasyente ay itinatapon; pinupuno nito ang ating landfills at aksaya ito ng pera. Gusto itong tingnan ni Dr. Eileen Wong, gamit ang perspektibo ng residents na nasa pangmatagalang pangangalaga (long-term care). Natuklasan ni Eileen na ang karamihan sa nasasayang na pagkain ay dahil ayaw ng residents ang lasa, temperatura, o texture ng pagkain. Masyado ring magkakalapit ang panahon ng pag-serve ng mga pagkain, kaya ang residents ay hindi gaanong gutom pagdating ng susunod na meal. Si Eileen at ang kanyang team ay nagtulungan para matugunan ang mga isyu na ito, at gumawa sila ng ilang mga simpleng pagbabago, tulad ng pagbawas sa dami ng pagkain habang pinapanatili pa rin ang calories na kinakailangan. Ang nasasayang na pagkain mula sa mga kalahok na residents ay nangalahati.

Ang ideya ng pagkain bilang gamot ay nanggagaling sa pag-unawa na ang mahusay na nutrisyon ay makakapagbigay ng proteksyon sa ating pangkalahatang kalusugan. Si Dr. Annie Lalande, isang fourth-year UBC general surgery resident, ay nakikipagtulungan sa isang team sa Vancouver General Hospital para pag-aralan kung paano magagamit ang pagkain bilang isang therapeutic intervention. Nais magdibelop ng team ng mga bagong menu para pakainin at gamutin ang mga pasyente, at mga paraan para ibahagi ang mga leksyon na ito sa ibang mga health care na lugar. Para sa susunod na phase ng pag-aaral na ito, ang VCH ay makikipag-partner kay Ned Bell, ang dating executive chef ng Ocean Wise, para gumawa ng isang planetary health diet para sa inpatients, na mainam para sa kabutihan ng mga tao at ng kapaligiran.



**10%**

**ng health care emissions ay may kinalaman sa pagkain**



**50%**

**ng pagkaing ibinibigay sa mga pasyente ay itinatapon**



# Paggamit ng Planetary Health Principles sa Richmond Hospital Redevelopment

Habang naghahanda ang Richmond Hospital redevelopment team para sa phase two construction ng Yurkovich Family Pavilion, ginagamit naman ang planetary health principles sa lahat ng mga aspeto nito. Eto ang ilang mga lugar kung saan plano naming magkaroon ng epekto na mabuti para sa klima.

## Sustainable at climate-resilient na building

- Nilalayong makuha ang LEED (Leadership in Energy and Environmental Design) Gold certification para maging ligtas kung may lindol; itatayo ito nang mas mataas sa flood line
- Low carbon design (may 87% na pagbawas sa emission kumpara sa isang karaniwang bagong ospital)
- Energy efficient at electrified design (100% ay mula sa low carbon electricity at ito'y 100% carbon neutral)

## Green-focused clinical spaces

- Built-in virtual/telehealth care options
- Circular economy/reusables first principles

## Aktibo at malinis na transportasyon

- Madaling makakonekta sa pampublikong transportasyon
- Storage para sa bisikleta at lugar para makapag-shower
- Car-share parking at electric vehicle charging stations (ang Richmond Hospital ang siyang may pinakamalaking EV charging installation sa B.C.; may 30 charging stations sa ating parkade)



# Gibsons Nurse Champions Eco-Conscious Caregiving

Si Emily Doyle, isang Public Health Nurse sa Gibsons Health Unit, ay 12 taon nang nakikipag-usap sa mga tao sa kanyang komunidad tungkol sa kanilang kalusugan. Ang mga táong ito ay may iba't-ibang edad at background. Mas madalas na na niyang naririnig ang paksa ng climate change at sustainability kapag kinakausap niya ang mga pasyente at mga kliyente.

Dahil napapansin ni Emily na umiinit ang planeta, lumalala ang polusyon, ang pandemya, at extreme weather events, at dahil siya'y isang magulang, nahikayat siya tuloy na maging isang tagagawa ng pagbabago (change-maker).

Mula sa pagsuporta sa mga pamilya na umakma sa mga epekto ng climate change na may kinalaman sa weather, hanggang sa pagsagawa ng sustainability practices sa kanyang opisina, si Emily ay may ginawang mga aksyon tulad ng paggamit ng electronic resources sa halip na mag-print sa papel, pag-recycle ng vaccine packaging, at pag-promote ng carpooling, paglalakad, o pagbisikleta papunta sa trabaho.

Ang kanyang paniniwala sa sustainability ang nagdala kay Emily sa 2022 Conference ng Public Health Association of B.C. na pinamagatang “Our Planet, Our Health: Creating Well-Being Societies and Making Peace with Nature.”

Sa conference na ito’y naging interesado si Emily sa isang session tungkol sa kahalagahan ng Indigenous na kaalaman at ang pangangailangang mag-integrate ng isang eco-social approach sa public health practice: “Napakaraming matututunan mula sa mga Indigenous na tao pagdating sa pagkakaroon ng relasyon sa ating planeta.”

Bilang resulta ng interes at pagtataguyod ni Emily, ang climate change at sustainability ay laging nasa agenda ng mga meeting sa Sunshine Coast Public Health Nursing para gawing priyoridad ang kabutihan ng planeta at para masuportahan ang frontline staff na kumilos patungo sa isang sustainable na kinabukasan.

# Pag-transform sa ating mga ospital para pahusayin ang pangangalaga mas malapit sa tahanan

Sa buong Vancouver Coastal Health region ay gumagawa tayo ng malalaking investments para i-upgrade, palawakin, at pahusayin ang ating imprastruktura ng health care. Maraming development projects ang kasalukuyang ginagawa para magtayo ng mga bago at mas mahusay na pasilidad para sa long-term care at para gawing moderno ang ating mga ospital para makapagbigay ito ng mahusay na pangangalaga sa mga pasyente, mga kliyente, at residents nang mas malapit sa tahanan.




## Richmond Hospital Redevelopment Project— the Yurkovich Family Pavilion

Ang Richmond Hospital ay dinagdagan ng isang bagong patient care tower na tinatawag na Yurkovich Family Pavilion. Ang bagong nine-floor Tower ay magkakaroon ng expanded emergency department, mas maraming operating rooms, at karagdagang pre-at post-surgical care spaces. Ang tower ay magkakaroon din ng isang intensive care unit, isang fully-equipped medical imaging department na may apat na CT scanners at dalawang MRI, isang botica, at short-stay pediatrics.

Ang proyektong ito ay magdaragdag ng 113 bagong kama sa ospital, para maging 353 ang total na bilang ng mga kama para sa mga pasyente. Ang renovations sa South Tower ay lilikha ng bagong inpatient psychiatry at psychiatric emergency units, at ang Milan Ilich Pavilion ay ire-renovate at magiging lokasyon ng Cancer Care Clinic.



## Lions Gate Hospital Redevelopment Project — ang Paul Myers Tower

Ang Paul Myers Tower sa Lions Gate Hospital ay magiging isang six-floor state-of-the-art facility na magiging sentro ng acute care services para sa Coastal Communities. Ang high-tech facility na ito ay magkakaroon ng isang Perioperative Care Unit na may walong malaking kuwarto at 39 stretcher bays, at isang Medical Device Reprocessing department. Ang bawat department at kuwarto ay magkakaroon ng pinakabagong equipment at teknolohiya para maginhawa ang pakiramdam ng pasyente at para suportahan ang kaligtasan ng pasyente at staff.

Dadagdagan ng bagong Tower ang capacity at magkakaroon na ng 108 inpatient beds at karagdagang outdoor na lugar na may rooftop garden at group exercise area para sa healing at wellness. Magkakaroon din ng dedikadong lugar para sa mga seremonya, maliliit na gathering, at meditation sa Two Sisters Garden.

# Bagong programa para bawasan ang paghihintay para sa hip at knee surgery

Layunin ng isang bagong programang pinamagatang Hip and Knee ASAP, na dinibelop ng Regional Surgery Program sa VCH, na bawasan ang panahon ng paghihintay ng mga táong nangangailangan ng hip at knee surgery. Ito'y gagawin sa pamamagitan ng pagdirekta sa mga táong hindi nangangailangan ng operasyon, o hindi pa handang magpa-opera, sa ibang mga alternatibo ng pangangalaga.

Hindi lahat ng táong tinukoy na maaaring mangailangan ng hip o knee surgery ay handa, o talagang nangangailangan ng operasyon.

**Ang program ay lumilikha ng isang bagong workflow na gumagamit ng skills at experience ng Advanced Practice Physiotherapists (APP) kaya't ginagawa nitong mas mabilis ang surgical triage assessment at pinipila nito para sa surgical consult ang mga táong pinaka-nangangailangan ng operasyon at pinakahanda para dito.**

Ang modelo na ito para sa hip at knee osteoarthritis ay bagong modelo sa B.C. pero ito'y dati nang ginagawa sa Ontario at sa United Kingdom.

Ang mga siruhano ay nagbibigay ng 12-linggong mentorship sa physiotherapists hinggil sa pagiging handa para sa operasyon, kabilang na ang panahon sa operating room, para mas maunawaan nila ang surgical procedures. Ngayon, sa halip na maghintay nang tatlo hanggang walong buwan para makita ang isang siruhano, ang mga pasyente sa program ay maaaring makipagkita sa isang APP sa loob ng isang buwan. Ang mga APP ay nagbibigay rin ng mga opsyon at impormasyon sa mga hindi interesadong magpa-opera o hindi naman gaanong nananakit.

Ang mga pasyenteng kandidato para sa operasyon ay binibigyan ng mahalagang impormasyon bago sila mangonsulta para sa operasyon; ito'y nakakatulong sa kanila na magpasiya nang mas mabilis kung ito nga ay ang tamang desisyon para sa kanila. Dahil dito, ang mga táong nakikita ng mga siruhano ay mas may nalalaman sa panahon ng konsultasyon, at nadarama nila na mayroon silang sapat na impormasyon para magbigay ng pirmadong pahintulot para sa operasyon. Nakikita na naming bumubuti ang kalidad ng buhay ng mga kalahok.

NAGSISIKAP NA MAKAKUHA NG MGA MAS MABUTING RESULTA

# Tinatanggal ang mga panahon ng paghintay: PUSH days sa Lions Gate Hospital

Ang naging sariling karanasan ng charge nurse na si Sherry Barbosa, nang siya'y may chronic na pananakit sa balikat, ang naging inspirasyon para sa makabagong paraan para bawasan ang panahon ng paghihintay para sa ibang mga pasyente.

Ang Lions Gate Hospital ay mayroon noong backlog ng mga request para sa pain management injections at matagal ang paghintay kahit noong hindi pa nagsisimula ang pandemya ng COVID-19. Habang inoobserbahan niya ang team at mga doktor na nagbibigay ng treatment, napansin niya na kung na-identify sana sa parehong panahon ang mga ispesipikong pasyente na may mga simpleng pangangailangan, maaaring gawing mas mabilis ang proseso.

Si Sherry ay nagdibelop ng sistema para sa paghahanda para sa iniksyon at para sa patient flow, at iminungkahi niya ito sa staff at sa mga doktor sa Medical Imaging. Nagpasiya ang team na magtakda ng isang araw bawat linggo bilang pilot, at nag-focus ito sa mga pasyenteng may unilateral pain management issues sa mga paa't kamay. Ang tawag ni Sherry dito ay ‘PUSH’ day dahil nagtutulak silang ligtas at mabilis na gumamot ng mas maraming pasyente.

**Karaniwang nakikipagkita ang team sa 11 hanggang 16 na pasyente bawat araw.**

**38**

**pasyente ang na-treat sa unang PUSH day noong Setyembre 16, 2021**

**Hanggang 72**

**pasyente ang na-treat bawat PUSH day, tatlong buwan pagkatapos simulan ang PUSH days.**

Sa pamamagitan ng pag-uusap-usap nila bawat umaga tungkol sa ispesipikong assignment para sa bawat tao at tungkol sa malinaw na gagawing plano, na-triple ng team ang bilang ng mga regular na pasyenteng nakikita nila.

Ang goal sa PUSH days ay ang bawasan ang waitlist mula mahigit sa isang taon at gawin itong dalawang buwan; ipinagmamalaki ng team na natanggal nila ang waitlist sa pamamagitan ng pag-treat sa humigit-kumulang sa 20 pasyente sa bawat PUSH day.

NAGSISIKAP NA MAKAKUHA NG MGA MAS MABUTING RESULTA

# Humuhusay ang pangangalaga sa pasyente kapag madaling ma-access ang impormasyon sa pasyente







Noong Nobyembre 2022, ang Vancouver General Hospital (VGH) at campus, kasama ang Joseph and Rosalie Segal and Family Health Centre, Willow Pavilion, at mahigit sa 50 priority clinics, ay lumipat sa isang bagong electronic health records system na tinatawag na CST Cerner.

Ang Clinical and Systems Transformation (CST) ay isang multi-year project na dinisenyo para pahusayin ang kaligtasan, kalidad, at consistency ng pangangalaga sa pasyente sa buong VCH at sa partner organizations nito, ang Providence Health Care at Provincial Health Services Authority, sa pamamagitan ng paggamit sa isang electronic health records system sa halip na gamitin ang paper-based records na kadalasang ginagamit. Ito ang isa sa pinakamalaking health care projects sa kasaysayan ng B.C. at magpapahintulot ito ng napapanahong access sa electronic patient health records sa lahat ng mga pasilidad at mga organisasyon; gagawin nitong mas madali ang matingnan ang records para sa pangangalaga.

Ang training at paghahanda para mag-transisyon patungo sa CST sa VGH ay nangailangan ng lubos na paghahanda at pagpaplano:


**Mahigit sa 10,000 staff at medical staff ang nagkompleto ng online at in-person training, daan-daang bagong workstations on wheels at pansuportang technology devices ang inilabas, at libu-libong patient charts ang inilipat para ihanda sa electronic activation.**

Ang pagsasagawa ng VGH ay ang pinakamalaking scope ng anumang CST Cerner activation sa B.C., at kung tutuusin, sa buong North America. Ang ilang mga benepisyo nito para sa mga pasyente ay ang mas mabuting medication safety (ito'y isang integrated approach para masigurado na mas consistent ang pangangalaga), mas mabilis na access sa mga resulta at sa medication therapies, at pagbawas ng aksayang panahon dahil sa paulit-ulit na pagbigay ng impormasyon kapag nangongonsulta o nagpapagawa ng duplicate tests.

Sinalihan ng VGH ang ilang VCH sites na lumipat na sa CST Cerner, kabilang na ang Lions Gate Hospital, Squamish General Hospital, Whistler Health Care Centre at Pemberton Health at Sechelt Hospital, Totem Lodge, Shorncliffe Intermediate Care Home at Sumac Place.

NAGSISIKAP NA MAKAKUHA NG MGA MAS MABUTING RESULTA

# Pag-iingat sa Vancouver General Hospital sa pamamahala ng donated na dugo



Noong Agosto 2022, ang Vancouver General Hospital (VGH) ay siyang naging unang Using Blood Wisely site sa VCH. Ibig sabihin ng designation na ito ay sinalihan ng VGH ang iilang mga ospital sa Canada na kinikilala ng Choosing Wisely Canada at ng Canadian Blood Services para sa kanyang pangakong magkaroon ng responsableng red blood cell stewardship at na patuloy na pahusayin ang kalidad.

Ang designation ng Achieving the Using Blood Wisely ay isang katunayan ng trabaho ng Transfusion Medicine team ng VGH. Ibinuhos nila ang kanilang atensyon sa huling limang taon para i-update ang kanilang red blood cell transfusion program para madagdagan ang kaligtasan ng pasyente habang responsableng pinamamahalaan ang donated blood supply -- isang mahalagang resource na kailangang-kailangan.

Bilang bahagi ng proseso para makuha ang designation ng Using Blood Wisely, kinumpara ng Transfusion Medicine team sa national benchmarks ang pagkakabisa ng inisyatibo. Ipinakita ng mga resulta na ang red blood cell transfusion program ng VGH ay tumutupad at kadalasang humihigit pa sa mga pamantayang ito.

Ang success ng programa ay resulta ng pagtulong-tulungan ng team effort: ang health care staff at medical staff ay nagkaroon ng mahalagang tungkulin sa pamamagitan ng pag-adopt ng updated workflows at practices. Ang Using Blood Wisely designation ng VGH ay simbolo ng kombinasyon ng dedikasyon sa kaligtasan ng pasyente at sa naaangkop na paggamit ng red blood cell transfusions.

Ang red blood cell transfusion program model ng VGH ay gagawin na rin ngayon sa ibang mga ospital ng VCH.

> *Pinatutunayan ng designation na ito ang pagkakabisa ng mga inisyatibong dinisenyo at isinagawa namin para mapabuti ang kalidad ng blood transfusion. Ito'y nagbibigay sa amin ng kompiyansa na bilang isang ospital, kami ay nangangakong magkaroon ng naaangkop at responsableng blood transfusion practice*
>
> **Dr. Krista Marcon**
>
> Hematopathologist at Using Blood Wisely Physician Champion ng VGH

NAGSISIKAP NA MAKAKUHA NG MGA MAS MABUTING RESULTA

# Naghahanap ng mga solusyon para sa environmental impact ng health care

Halos limang porsyento ng kabuuang greenhouse gas emissions ng Canada ay nanggagaling sa health care. Bilang isa sa pinakamalaking health care organizations sa B.C., nalalaman namin na malaki ang aming impact sa kapaligiran. Nangangako kaming bawasan ang aming impact sa kapaligiran at ibalik ang kalusugan sa ating health care system at sa planeta.


Ang aming darating na trabaho ay makabuluhan, at naaakma sa Ministry of Health Mandate Letter ng B.C. at sa CleanBC Roadmap 2030 Ito'y mangangailangan ng pinagsamang pagsisikap ng lahat ng aming teams at pakikipagtulungan sa mga partner upang i-identify ang mga makabuluhang solusyon at mga makabagong ideya para tulungan tayong matupad ang environmental sustainability at ang climate resilience.

## 2022 highlights/achievements:

- Inilagay ang climate risk at resilience sa pangunahing capital projects, kabilang na ang Richmond Hospital Redevelopment Project.
- Dinisenyo ang VGH Operating Room Renewal para mabawasan namin nang 1,411 tonnes $CO_2e$ ang emissions.
- Lumahok sa Nourish Anchor Cohort para dagdagan ang pagkakaroon ng sustainable food para sa staff at sa inpatient food trays, kasama na ang mga tradisyunal na opsyon sa pagkain.
- Ang 36 porsyentong waste diversion sa non-acute care (long-term care home) settings ay dinagdagan at naging 42 porsyento. Binawasan nang halos 13 porsyento ang pangkalahatang waste sa acute care (ospital) settings.

Para malaman kung paano pa namin binabawasan ang aming environmental footprint, magpunta sa **GreenCare.**

## Ang aming priyoridad na trabaho ay magbibigay-diin sa pagtaguyod ng sustainability sa mga ito:



### Climate change
Magkaroon ng isang climate-resilient health system sa pamamagitan ng makahulugan at sustainable na design at pagpapalakad ng pasilidad.



### Energy at carbon
Bawasan ang aming carbon footprint sa pamamagitan ng pagdagdag sa energy efficiency at pagbawas sa paggamit ng fossil fuels.



### Pagkain
Magdibelop ng plant-based at local na food service na nababagay sa kultura at na pantay-pantay, nang itaguyod ang pagkain bilang gamot.



### Materyales
Pumili ng sustainable materials at mga produktong nag-aambag sa kalusugan ng tao at ng kapaligiran, habang iniiwasan ang waste at mga 'di kinakailangang chemicals.



### Tubig
Bawasan ang paggamit ng tubig para bawasan ang demand sa natural resources at bawasan ang impact sa ating living environments.



### Transportasyon
Dagdagan ang access at ang paggamit sa mga alternatibo sa transportasyon na nagbabawas sa negatibong environmental impact at na nagbebenepisyo sa kalusugan at kabutihan ng tao.

# Foundations

Magkaroon ng pangmatagalang impact sa pamamagitan ng pag-ambag sa mahalagang trabaho ng VCH sa pamamagitan ng pagbigay ng donation sa isang hospital foundation. Ang donations ay tumutulong sa pagbayad ng specialized equipment, pagsuporta sa medical research, at pagpapahusay sa pangangalaga sa pasyente. Ang bawat donation ay gumagawa ng pagkakaiba sa mga buhay ng aming mga pasyente, sa kanilang mga pamilya, at sa ating mga komunidad.

**Para malaman pa kung paano binabago ng hospital foundations ang health care, bisitahin ang vch.ca/donate**

**Mangyaring i-scan ang QR code na ito at ibigay ang iyong feedback tungkol sa kalidad ng translation.**

Vancouver Coastal Health

British Columbia

@vchhealthcare